



Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 6



*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan - Modyul 7:
## Naisakikilos ang Pagtupad sa mga Batas Pambansa at Pandaigdigan



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



# Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Ang mga batas at patakarang ginagawa ng tao ay para rin sa ikabubuti ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat nating inaalala sa mga pagkakataong tila tayo ay natutuksong hindi sumunod sa batas at patakaran. Halimbawa, kapag tayo ay natutuksong tumawid sa ‘di tamang tawiran dahil lamang walang nakabantay na pulis, dapat ay isipin natin na naririyan ang tamang tawiran upang tiyakin na ligtas tayong makakatawid sa kalsada.

Gayundin naman, ang pagsunod sa batas at patakaran ay masasabing daan patungo sa ating pag-unlad. Halimbawa, ang pagbabayad ng buwis ng mga mamamayan ang pinagmumulan ng bawat proyektong pangkaunlaran at pangkalusugan na kinakailangan upang umunlad ang ating bansa.

Bukod pa rito, nakatutulong din sa pagkakaroon ng katahimikan at kaayusan ang pagsunod sa batas ng mga mamamayan, dahil kapag walang sumusuway sa batas, payapa ang pamumuhay ng bawat isa.

Ang sumunod na layunin ang tatalakayin natin sa modyul na ito.

- pagtupad sa mga batas para sa kaligtasan sa daan, pangkalusugan, pangkapaligiran, pag-abuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot
  **EsP6PPP-IIIh-i-40**



# Subukin

**Gaano mo kaalam ang mga batas na pangkalsada, pangkalusugan, at pangkapaligiran?**

**Panuto:** Tukuyin kung saang batas nakapaloob ang sumusunod na mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

______1. Ito ay naglalayong panatilihing malinis ang hangin sa pamamagitan ng pagbuo ng pambansang programa at pagpigil sa polusyon sa hangin.

A. Seat Belt law
B. Philippine Clean Air Act
C. Republic Act 8485
D. Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002

______2. Sa ilalim ng nabanggit na batas, papatawan ng kaparusahan ang mga tsuper, operator, may-ari ng sasakyan, manufacturer, assembler, importer at distributor ng sasakyan na hindi tumalima sa paglagay at paggamit ng seat belt.

A. Seat Belt law
B. Philippine Clean Air Act
C. Republic Act 8485
D. Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002

______3. Layunin ng batas na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan, lalung-lalo na ang mga kabataan laban sa pinsalang dulot ng droga.

A. Seat Belt law
B. Philippine Clean Air Act
C. Republic Act 8485
D. Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002

______4. Ipinagbabawal sa batas na ito ang paninigarilyo sa mga pampublikong gusali, sasakyan at iba pang lugar na hindi itinalaga sa paninigarilyo.

A. Seat Belt law
B. Philippine Clean Air Act
C. Republic Act 8485
D. Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002

______5. Ipinagbabawal sa batas na ito ang papapaupo sa unahan ng sasakyan ng mga batang anim na taong gulang pababa.

A. Seat Belt law
B. Philippine Clean Air Act
C. Republic Act 8485
D. Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002

| Modyul 7 | Naisakikilos ang Pagtupad sa mga Batas Pambansa at Pandaigdigan |
|---|---|



# Balikan

**Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang kahalagahan ng pagkamalikhain sa paggawa ng anumang proyekto tungo sa pag-unlad ng bansa.**

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **tsek** (✓) kung ang pahayag ay tama at **ekis** (✕) kung ito ay mali.

____1. Tutulong sa paglutas ng mga suliranin tungkol sa kalinisan sa paaralan.

____2. Mapapaganda ang anumang proyektong nilikha mula sa sariling imahinasyon.

____3. Sisikaping matapos ang isang proyekto kahit dumaranas ng hirap.

____4. Sasali sa mga paligsahan sa paaralan.

____5. Liliban sa klase kapag kulang ang materyales sa gagawing proyekto.



# Tuklasin

**Basahin ang kwento at alamin kung ano ang paksa nito.**

**Pananagutan ni Norman**

Isang Huwebes ng hapon, masayang-masaya si Norman ng dumating sa kanilang bahay. Napansin ito ng kanyang ina at nagtanong, “Bakit ka masaya, Norman?” Sinagot naman itong nakangiti ng batang si Norman: “Inay, masaya po ako dahil sa mga bagong natutuhan ko sa dinaluhan kong convention, kanina.

“Ganoon ba, anak. Tungkol saan ba iyong convention na iyon?”

“Tungkol po sa mga batas sa ating bansa,‘Nay. Napakarami po palang batas sa ating bayan na kailangan nating tuparin dahil ginawa ang mga ito para sa ating kapakanan. Medyo nakalulungkot nga lang po na marami sa ating mga kababayan ang hindi sumusunod sa batas. Mas pinili nilang sumuway kaysa sumunod. At ang ganitong mga bagay ang kadalasan nagiging dahilan ng kapahamakan at kaguluhan sa paligid natin.

“Sang-ayon ako d’yan sa itinuro sa inyo. Totoo na maraming tao ang hindi sumusunod sa mga batas. Hindi ko lang sigurado kung ito ay dahil hindi nila alam ang batas o alam nila ngunit ayaw lang talaga nilang sumunod dito. Ang tingin kong dahilan sa ganoong pangyayari ay kawalan ng disiplina sa parte ng ilang mga tao. Kapag alam mo kung ano yung bagay na inaasahan sa iyo ng lipunang kinabibilangan mo at hindi mo iyon isinasakatuparan, walang dahilan para di ka sumunod. At kung sakaling hindi ka talaga nakasususnod sa mga batas, may mali sa iyong pagpapahalaga.

“Isa pa, hindi naman ginawa ang mga batas upang tayo ay pahirapan. Sa halip nga ay ginawa ng mga mambabatas ang mga ito na ang pangunahing konsiderasyon ay kung paano makatutulong sa pagpapabuti ng ating buhay o di kaya nama’y kung paano mapagagaan ang mga problemang kinakaharap natin. Halimbawa, ginawa ang batas ng paghuli sa mga hindi tumatawid sa tamang tawiran hindi dahil sa gusto ng pamahalaan na magparusa ng mga tao, kundi, ginawa ito upang masiguro na ang mga tao ay ligtas na makatatawid ng kalsada sa lahat ng pagkakataon. At hindi nangangambang baka mabundol sila ng humaharurot na sasakyan.”

“Opo, Inay. Sang-ayon ako sa sinabi ninyo. Tulad na rin ng batas tungkol sa pagbabawal sa aming mga kabataan na bumili at humithit ng sigarilyo saanmang lugar. Hindi binuo ang patakarang ito upang pagdamutan ang mga kabataan. Ginawa ang batas na ito dahil natuklasan ng mga dalubhasa ang masamang dulot ng paninigarilyo sa katawan natin, kaya gusto ng mga awtoridad na ilayo sa kapahamakan ang mga mamamayan ng bansa kasama na kaming mga kabataan.

“Mayroon pa ngang nagtanong doon sa convention kung ano ang magiging papel ng mga kabataang tulad ko sa pagpapatupad ng batas sa ating bansa. Ang namayaning sagot ay may pananagutan kaming mga kabataan; hindi puwedeng puro karapatan lang naming an gaming iintindihin, dapat ding may katumbas ito na makatutulong sa ating bayan. Ako, ang naiisip ko nga po ay dapat siguro akong magboluntaryo sa tuwing may pangangailangan ang ating lugar na mapaganda ang paligid. Hindi puwedeng puro laro lang ako sa parke, kailangan ko ring tumulong na mapanatiling maayos ang kapaligiran kabilang na ang mga parke. Puwede rin siguro akong tumulong sa paglilinis ng kalsada kapag araw ng Sabado. Dahil kung nagagamit ko ang probisyon ng batas na magkaroon ng diskuwento sa pamasahe sa sasakyan tuwing Lunes hanggang Biyernes, marapat lang na kapag Sabado naman ay tumulong naman ako sa anumang munting makakaya ko.”

“Tama ka, anak. At susuportahan kita sa mga naiisip mong gawin. Ang pagiging mapanagutan ng isang tao ay isang katangian na hinahangad ko npara sa iyo. Sa palagay ko nga ay magiging mabuting mamamayan ka ng Pilipinas sa hinaharap. At dahil doon ay labis akong natutuwa.”

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang batas na pangkalsada, pangkapaligiran, at pangkalusugan ang nabanggit sa kuwento?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

2. Ano ang kabutihang dulot ng mga batas na ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Sang-ayon ka ba na may pananagutan ang mga kabataang katulad mo sa pagpapatupad ng batas? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_______________________________________________

_______________________________________________

**Basahin ang batas laban sa pag-abuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot.**

Batas Pambansa Blg. 9165
Hunyo 5. 2002

Ang parusang pagkabilanggo mula 12 taon at isang araw hanggang 20 taon, at multang mula P100,000 hanggang P500,000 ay dapat ipataw sa sinumang taong nagbebenta, nangangalakal, nangangasiwa, nagkakalat, namamahagi, naghahatid ng mga pinagkukunan at kailangang kemikal o bilang tagatustos ng ilegal na droga.

Kapag ang pagbebenta, pangangalakal, pangangasiwa, pagkakalat, pamamahagi, at paghahatid ay naganap sa lugar 100 metro lamang ang layo sa paaralan ay ipapataw ang pinakamabigat na parusa at multang P10,000,000.

Hango mula sa: "The Dangerous Drugs Act of 1972," Republic Act No. 9165(2002), www.chanrobles.com/republicactno9165.html

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang ipinagbabawal ng Batas Pambansa Blg. 9165?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Anong kaparusahan ang ipapataw sa paglabag sa batas?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Paano ipinatutupad sa inyong pamayanan ang batas na ito?

_______________________________________________

_______________________________________________



# Suriin

**Pag-aralan natin ang nilalaman ng sumusunod na batas.**

- ***Seat Belt Law (RA 8750 o Seat belt Use Act of 1999)***

  - Sa ilalim ng nabanggit na batas, papatawan ng kaparusahan ang mga tsuper, *operator*, may-ari ng sasakyan pati ang *manufacturer, assembler, importer* at *distributor* ng mga sasakyan na hindi tumatalima sa paglalagay at paggamit ng *seat belt.*

- ***Philippine Clean Air Act (RA 8749 o Philippine Clean Air Act of 1999)***

  - Ito ay naglalayong panatilihing malinis ang hangin sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pambansang programa at pagtigil sa polusyon sa hangin.

- ***Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 (RA 9165)***

  - Layunin ng RA 9165 na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan, lalung-lalo na ang mga kabataan, laban sa pinsalang dulot ng droga. Mapaparusahan sa ilalim ng batas na ito ang mga taong nagbebenta at gumagamit ng ipinagbabawal o ilegal na droga at mga kauri nito.

Bakit dapat pagtuunan ng pansin ng pamahalaan ang pagpapatupad ng batas? Ano ang magiging epekto sa ating bansa kung ang lahat ng tao ay tutupad sa batas?

_______________________________________________

_______________________________________________



# Pagyamanin

## Pagtatasa 1

**Panuto:** Buuin ang mga pahayag batay sa napag-aralan. Piliin sa mga salita na nasa loob ng ulap ang naangkop na sagot sa bawat bilang.

1. Ang mga batas ay isinasagawa at ipinatutupad upang magkaroon ng _______________________ at kaayusan.

2. Inaaasahan na ang mga mamamayan ay susunod sa batas upang magkaroon ng ____________________.

3. Ang mga batas pangkalusugan ay makatutulong sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang ____________________________ at pagpapatupad nito.

4. Pinarurusahan ng batas ang mga sumusuway upang ito ay _______________________.

5. Kapag may kaayusan sa pamayanan, ang mga mamamayan ay _____________________.

6. Ang pagbebenta nga ilegal na droga ay may katapat na 12 hanggang 20 taong __________________.

7. Ang kalayaan ay matatamasa ng mga tao kapag sila ay sumusunod sa mga ___________________.

8. Dapat na pagtuunan ng pansin ng pamahalaan ang __________________ ng mga batas.

9. Mas magiging maunlad ang ating bansa at ang mundo kung ang lahat ay _____________________.

10. Ang mga batas at patakarang ginagawa ng mga tao ay para rin sa _______________________ng tao.

| | |
|---|---|
| kabutihan | tutupad sa batas |
| batas | magsilbing aral |
| pagkabilanggo | impormasyon |
| pagpapatupad | kaayusan |
| payapa at masaya | kapayapaan |

## Pagtatasa 2

Anu-ano ang mga batas na dapat tuparin para sa kaligtasan sa daan, kalusugan at kapaligiran? Sumulat ng tig-isa sa bawat kahon.

1. **Batas sa daan**

2. **Batas sa kalusugan**

3. **Batas sa kapaligiran**



# Isaisip

**Bakit mahalaga ang pagtupad sa batas ng mga tao sa isang bansa?**

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang tamang salita sa bawat patlang upang mabuo ang kaisipan.

| | | |
|---|---|---|
| **kaayusan** | **pagtupad** | **nakatutulong** |

Ang _______________ sa mga batas ay _________________ upang maging ligtas ang mga tao at magkaroon ng kapayapaan at _______________________ ang isang bansa.



# Isagawa

**Isulat sa loob ng tsart ang posibleng mangyari sa ating bansa kung walang batas na ipinatutupad.**

| Kung walang mga batas na ipinatupad | Mga posibleng mangyari |
|---|---|
| 1. sa daan | |
| 2. sa kalusugan | |
| 3. sa kapaligiran | |



# Tayahin

**Panuto:** Tukuyin kung nagpapakita ng pagtupad sa batas ang sumusunod na sitwasyon sa pamamagitan ng pagsulat ng **<u>Oo/Hindi</u>** sa bawat patlang.

_______1. Laging hindi gumamit ng seat belt si Mang Carlos habang nagmamaneho sa kanyang kotse.

_______2. Bumubuga ng makapal na usok ang paggawaan ng sabon malapit sa kabahayan.

_______3. Sumakay sa motorsiklo ang ama ni Fe na walang suot na helmet.

_______4. Gumawa ng compost pit ang kanilang pamilya para sa mga basurang mabubulok.

_______5. Pinaupo ni Mang Ben sa unahan ng kanyang motorsiklo ang kanyang dalawang taong gulang na anak habang papunta sa parke.

_______6. Araw-araw itinatapon ni Ana ang kanyang basura sa kanal malapit sa kanilang bahay.

_______7. Palaging nakilahok sa clean up drives ang kanilang pamilya.

_______8. Pinaaalahanan ng guro ang bata na doon tatawid sa pedestrian lanes.

_______9. Isinumbong ni Mang Jose sa Land Transportation Office (LTO) ang sasakyang walang plaka at nagbubuga ng maitim na usok.

______10. Hindi niya tinanggap ang inalok na bawal na gamot mula sa kanyang kaibigan.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat ng limang kabutihang dulot sa pagtupad sa mga batas sa daan, kalusugan at kapaligiran.

1. ______________________________________________
   ______________________________________________
2. ______________________________________________
   ______________________________________________
3. ______________________________________________
   ______________________________________________
4. ______________________________________________
   ______________________________________________
5. ______________________________________________
   ______________________________________________



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. A
3. D
4. B
5. A

**Balikan**

1.
2.
3.
4.
5.

**Pagtatasa 1**

1. kapayapaan
2. kaayusan
3. impormasyon
4. magsilbing aral
5. payapa at masaya
6. pagkabilanggo
7. batas
8. pagpapatupad
9. tutupad sa batas
10. kabutihan

**Tayahin**

1. Hindi
2. Oo
3. Hindi
4. Hindi
5. Hindi
6. Hindi
7. Oo
8. Oo
9. Oo
10. Oo

**Isaisip**

pagtupad
nakatutulong
kaayusan

## *Sanggunian*

**Hango sa:**


- Peralta,Gloria A. & Ylarde, Zenaida R. (2016), ***Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon***, Batayang Aklat sa Edukasyon sa Pagpapakatao 6 pahina 114-119.



**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Aimee C. Villa |
| | *Teacher - III*, Balangasan Central Elementary School |
| | City West District, Pagadian City Schools Division |
| **Tagasuri:** | Metushela Ubas - Salac, *Master Teacher – I* |
| | Dumagoc Elementary School |
| **Patnugot:** | Jovita A. Dugenia, *Values Education Supervisor* |
| **Tagapamahala:** | Danny V. Cordova, EdD, CESE - *OIC SDS* |
| | Ma. Colleen L. Emoricha, EdD, CESE – *OIC ASDS* |
| | Matt Ranillo O. Singson, EdD - *OIC ASDS* |
| | Isagani B. Cabahug - *SGOD Chief* |
| | Ma. Diosa Z. Peralta - *CID Chief* |
| | Ma. Madelene P. Mituda - *LR Supervisor* |

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos,Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.